
3

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Filipino

## Unang Markahan – Modyul 10:

### Paggamit ng Magagalang na Salita na Angkop sa Sitwasyon (pagbati, pakiusap, paghingi ng paumanhin, pakikipag-usap sa matatanda at hindi kilala at panghihiram ng gamit)




ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino – Ikatlong Baitang**
**Alternative Delivery ModeUnang Markahan – Modyul 10:** Paggamit ng Magagalang na Salita na Angkop sa Sitwasyon (pagbati, pakiusap, paghingi ng paumanhin, pakikipag-usap sa matatanda at hindi kilala at panghihiram ng gamit)
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Dolly Jane B.Jamil, Redem D. Evangelista, Christine Ann G.Rubillos

**Editor:** Cristy S. Agudera**,** Lorna C. Ragos

**Tagasuri:** Vicente A. Pines Jr.

**Tagawasto:** Mercy Y. Malarayap

**Tagaguhit at Tagalapat:** Mary Grace Refulle at Jecson L. Oafallas

**Tagapamahala:** Evelyn R. Fetalvero, Josephine L. Fadul, Janette G. Veloso, Christine C. Bagacay, Analiza C. Almazan, Lorna C. Ragos, Ma. Cielo D. Estrada, Cristy S. Agudera, Mary Jane M. Mejorada, Alma D. Mercado

**Inilimbag sa Pilipinas ng** _______________________

**Department of Education – Region XI**

Office Address: F. Torres St., Davao City
Telefax: (082) 291-1665; (082) 221-6147
E-mail Address: region11@deped.gov.ph * lrms.regionxi@deped.gov.ph

3

# Filipino

## Unang Markahan – Modyul 10:

### Paggamit ng Magagalang na Salita na Angkop sa Sitwasyon (pagbati, pakiusap, paghingi ng paumanhin, pakikipag-usap sa matatanda at hindi kilala at panghihiram ng gamit)

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

## Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Filipino – Ikatlong Baitang ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling **Paggamit ng Magagalang na Salita na Angkop sa Sitwasyon (pagbati, pakiusap, paghingi ng paumanhin, pakikipag-usap sa matatanda at hindi kilala at panghihiram ng gamit)!**

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

**Para sa mag-aaral:**

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Filipino – Ikatlong Baitang ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa **Paggamit ng Magagalang na Salita na Angkop sa Sitwasyon (pagbati, pakiusap, paghingi ng paumanhin, pakikipag-usap sa matatanda at hindi kilala at panghihiram ng gamit)!**

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| *Alamin* | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| *Subukin* | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari ka ng magpatuloy sa susunod na bahagi. |
| *Balikan* | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |

*Tuklasin*

Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon.

*Suriin*

Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan.

*Pagyamanin*

Binubuo ito ng mga gawaing para sa mapatnubay at malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul.

*Isaisip*

Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin.

| | |
|---|---|
| *Isagawa* | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |
| *Tayahin* | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
| *Karagdagang Gawain* | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| *Susi sa Pagwawasto* | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| *Sanggunian* | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin ang lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

# Alamin

Mahusay! Naipakita mo ang iyong galing sa pagsagot sa mga naunang gawain!

Sa modyul na ito, matutuhan mong gumamit ng magagalang na salita na angkop sa sitwasyon (F3PS-If-12, F3PS-IIb-12.5).

# Subukin

Piliin mo ang magagalang na pananalita na angkop sa bawat sitwasyon. Bilugan ang letra ng tamang sagot.

Sitwasyon 1: Isang umaga, nakita mo ang iyong guro na si Gng. Santos sa parke. Ano ang iyong sasabihin?

a. Magandang umaga po, Gng. Santos.
b. Magandang gabi po, Gng. Santos.
c. Magandang tanghali po, Gng. Santos.

Sitwasyon 2: Dinalaw mo sa probinsiya ang iyong lolo at lola na matagal mo ng hindi nabibisita.

a. Maraming salamat po lolo at lola.
b. Kumusta po kayo, lolo at lola?
c. Pasensya na po kayo, lolo at lola.

Sitwasyon 3: Gusto mong humiram ng lapis sa iyong kaklase. Ano ang sasabihin mo?

a.Makikiraan po.
b. Magandang gabi po.
c. Maaari ko bang mahiram ang lapis mo?

Sitwasyon 4: Hindi mo sinasadyang mabasag ang platong hinuhugasan mo.

a. Hindi ko kasalanan!
b. Wala akong pakialam.
c. Paumanhin po. Hindi ko po sinasadya.

Sitwasyon 5: Binigyan ka ng regalo ng iyong inay at itay sa iyong kaarawan.

a. Paumanhin po. Hindi ko po sinasadya.
b. Maraming salamat po inay at itay.
c. Magandang gabi po inay at itay.

# Aralin 1 Magagalang na Pananalita na Angkop sa Sitwasyon

## Balikan

Kumpletuhin ang tula ukol sa Masayang Pamilya gamit ang panghalip kami, tayo, kayo at sila.

Masayang Pamilya
Raquel A. Tangga-an



_______________ay masaya
_______________ng lahat ay masaya.
_______________ay masaya?
_______________ng lahat ay masayang-masaya
kapag ang pamilya ay sama-sama.

## Tuklasin

Basahin at unawain mo ang usapan.

Lunes ng umaga, maagang pumasok si Amy sa paaralan. Binuksan niya ang pinto ng kanilang silid-aralan at nagsimulang magpunas ng mesa. Sa hindi inaasahan ay bigla niyang nahulog at nabasag ang plorera sa mesa ng kanyang guro na si Gng. Elvie Santos.

Amy: "Magandang umaga po Gng. Santos."

Gng. Santos: "Magandang umaga rin sa iyo Amy."

Amy: "May gusto po sana akong sabihin sa inyo."

Gng. Santos: "Ano ang gusto mong sabihin Amy?"

Amy: "Hindi ko po sinasadyang mabasag ang inyong plorera sa mesa habang naglilinis po ako, ipagpaumanhin po ninyo Gng. Santos."

Gng. Santos: "Ang importante ay hindi ka nasugatan at nagsabi ka ng totoo Amy."

Amy: "Maraming Salamat po Gng. Santos sa pag-intindi po ninyo."

Gng. Santos: "Walang anuman Amy."

Isulat sa sagutang papel ang letra ng tamang sagot sa mga tanong.

1. Ano ang nabasag ni Amy sa loob ng kanilang silid-aralan?
   a. baso  b. plorera  c. salamin

2. Sino ang guro ng batang nabanggit sa usapan?
   a. Gng. Cruz  b. Gng. Santos  c. Gng. Delos Reyes

3. Saan nangyari ang usapan?
   a. bahay   b. hospital   c. paaralan

4. Paano mo babatiin ang iyong guro sa umaga pagdating sa paaralan?
   a. "Maraming Salamat po."
   b. "Magandang umaga po."
   c. "Ipagpaumanhin niyo po."

5. Kung may nagawa kang kasalanan, ano ang dapat mong sabihin?
   a. "Maraming Salamat."
   b. "Wala akong pakialam!"
   c. "Ipagpaumanhin niyo po ang nagawa kung kasalanan."

## *Suriin*

Ang magagalang na pananalita ay ginagamit upang maipakita ang respeto at paggalang sa kausap. Narito ang ilang mga magagalang na pananalita at kung kailan ito ginagamit.

Sa paghingi ng paumanhin
- "Ipagpaumanhin po ninyo hindi ko po sinasadya.

Kapag nakikipag-usap sa telepono sa iyong kaibigan
- "Hello, magandang umaga. Kumusta ka na?"

Kapag binigyan ka ng regalo ng iyong ninang
- "Maraming salamat po sa ibinigay mong regalo ninang."


# *Pagyamanin*

Sa gawaing ito, isulat mo sa sagutang papel ang maaaring maging tugon sa mga magagalang na pananalita na ibinigay sa usapan.

1.





2.




3.



4.




5.




## *Isaisip*

Magagalang na pananalita sa pagbati

- Magandang umaga
- Magandang hapon
- Magandang gabi
- Maraming salamat

Magagalang na pananalita sa paghingi ng paumanhin

- Ipagpaumanhin po ninyo, hindi ko po sinasadya.

Magagalang na pananalita sa pakikipag-usap sa telepono

- Hello, magandang umaga. Kumusta ka na?

## Isagawa

Kulayan ang ☺ (masayang mukha) kung ang pahayag ay nagpapakita ng pagiging magalang. kulayan naman ang ☹ (malungkot na mukha) kung hindi.

☺ ☹ 1. "Ipagpaumanhin niyo po, hindi ko na po uulitin."

☺ ☹ 2. "Ayaw ko pong humingi ng tawad sa kanya!"

☺ ☹ 3. "Maaari po ba akong magtanong?"


☺ ☹ 4. "Humihingi po ako ng tawad sa aking kasalanan."

☺ ☹ 5. "Makikiraan po."

## Tayahin

Hanapin sa Hanay B ang tamang magagalang na pananalita na angkop sa Hanay A. Isulat ang letra ng tamang sagot sa sagutang papel.

A — B

____1. 

a. Magandang gabi po.

___2. 

b. Makikiraan po.

___3. 

c. Mano po lola.

____4. 

d. Maraming Salamat po.

_____5. 

e. Ipagpaumanhin po ninyo.

## *Karagdagang Gawain*

Isulat mo sa sagutang papel ang dapat na magagalang na salita na angkop sa sumusunod na sitwasyon. Piliin mo sa loob ng kahon ang iyong sagot.

- "Maraming salamat po."
- "Ipagpaumanhin po ninyo."
- "Magandang hapon po Ma'am."
- "Kumusta po kayo ninang?"
- "Walang anuman."

1. Nabasag mo ang salamin ng iyong ina.

2. Binigyan ka ng pagkain ng iyong kaklase.

3. Isang hapon, nakasalubong mo sa palengke ang iyong guro.

# Alamin

Sa aralin na ito, matutuhan mong gumamit magagalang na pananalita sa angkop na sitwasyon sa pakikipag-usap sa matanda at hindi kakilala.

# Subukin

Naglalakad ka nang mabilis papuntang silid-aralan, nang hindi sinasadya ay nabangga mo ang iyong guro. Ano ang iyong sasabihin?

Iguhit ang bituin ☆ sa iyong sagutang papel kung ito ay tama at ekis (x) naman kung mali.

1. Pasensya na po Ma'am, hindi ko po sinasadya.
2. Pasensya na po Ma'am, paharang–harang ka kasi.
3. Pasensya na po Ma'am, hindi ka kasi tumitingin sa iyong dinadaanan.
4. Patawarin niyo po ako Ma'am, hindi ko po sinasadya.
5. Patawarin niyo po ako Ma'am, sa pagmamadali ko po nabangga ko po kayo. Hindi ko po sinasadya.

| Aralin 2 | Magagalang na Pananalita sa Angkop na Sitwasyon sa Pakikipag-usap sa Matatanda at Hindi Kilala |
| --- | --- |

## *Balikan*

Tinanong ka ng nanay mo kung nagawa mo na ba ang iyong takdang aralin. Ano ang sasabihin mo?

Lagyan ng tsek (/) ang kahon ng tamang sagot. Isulat ito sa sagutang papel.

☐ 1. Oo, tapos na Inay.

☐ 2. Oo, kanina pa Inay!


☐ 3. Opo, tapos na po Inay.


☐ 4. Hindi pa po Inay.


☐ 5. Hindi pa! Kararating ko lang galing sa paaralan.

# Tuklasin

Alin sa sumusunod na usapan ang nagpapakita ng pagka magalang sa nakatatanda at hindi kilala? Isulat ang tsek sa sagutang papel.






# Suriin

Isang paraan ng pagpapakita ng pagiging magalang ay ang paggamit ng mga magagalang na pananalita. Ang mga magagalang na salita sa pakikipag-usap sa nakatatanda at sa hindi kakilala.

Po at opo
Opo, Itay
Ingat po kayo.
Sa inyo po ba itong aklat?
Paalam na po, Gng. Evangelista.

Maari po ba
Maaari po bang pahiram ng aklat mo?
Maaari po bang samahan mo ako sa palaruan?
Maaari po bang pumunta sa tindahan ngayon?

- Magandang umaga po.
- Magandang tanghali po.
- Magandang hapon po.
- Magandang gabi po.
- Salamat po.

Paki-
Pakikuha po ng bulaklak.
Pakibigay po ito kay Felipe.
Pakilinis ng bakuran.

## Pagyamanin

Isulat sa sagutang papel ang letra na angkop sa magagalang na pananalitang gagamitin sa bawat larawan.

1.
a.Mano po.
b.Tao po.
c.Tama po.



2
a.Magandang umaga po.
b.Magandang hapon po.
c.Magandang tanghali po.




3
a.Magandang umaga po.
b.Magandang hapon po.
c.Magandang gabi po.



4
a.Maraming salamat.
b.Mabuti naman may regalo ka.
c.Mahal ba to?

5
a.Buti nga sa iyo.
b.Paumanhin, hindi ko sinasadya.
c.Bilisan mong tumayo.





## Isaisip

Isang paraan ng pagpapakita ng pagiging magalang ay ang paggamit ng mga magagalang na pananalita.


➡ Sa pakikipag-usap sa nakatatanda at hindi kakilala, ugaliing gumamit ng _______ at ________

# *Isagawa*


Pagtambalin mo ang mga larawan na nasa Hanay A sa angkop na magagalang na pananalita na nasa Hanay B. Isulat sa ang letra ng tamang sagot sa iyong papel.

A

____ 1.




____ 2.



____ 3.



____ 4.



____ 5.



B

a. "Magandang gabi po."

b. "Tuloy po kayo."

c. "Mag-iingat ka Ana."

d. "Walang anuman po, Ginoo."

e. "Kuya, pakiabot po ng plato."

# *Tayahin*

Basahin mo nang mabuti ang bawat sitwasyon. Isulat sa sagutang papel ang iyong sasabihin gamit ang mga magagalang na pananalita.

1. Binigyan ka ng laruan ng ninang mo.


2. Bumisita ang lola mo isang hapon.

3. Isang tanghali, kumakain ka sa kantina at dumaan ang iyong guro.

4

# *Karagdagang Gawain*

Ipinagluto ka ng iyong nanay ng masarap na pagkain. Anong magagalang na pananalita ang maaari mong isagot sa iyong nanay? Isulat sa papel ang iyong sagot.




## Alamin

Sa aralin na ito, matutuhan mo ang mga magagalang na pananalita sa panghihiram ng gamit.

## Subukin

Suriin ang **concept map** na nasa ibaba. Isulat mo sa iyong sagutang papel kung ano ang masasabi mo sa salitang pagkamagalang. Hanapin ang mga sagot sa kahon.



| | | |
|---|---|---|
| natutulog | nagpapaalam | nagpapasalamat |
| nagpapahalaga | nagagalit | nagpapahiram |



# Aralin 3

# Magagalang na Pananalita sa Paghihiram ng Gamit

## *Balikan*

Basahin ang mga pangungusap. Iguhit ang  (masayang mukha) sa sagutang papel kung nagpapahayag ito ng pagiging magalang at  (malungkot na mukha) naman kung hindi.

_____1. "Maari ko bang hiramin saglit ang inyong mga gamit?", tanong ni Lina sa mga kaibigan niya.

_____2. Hindi na nagpapaalam si Sam sa kaniyang kapatid sa tuwing may hihiramin siyang mga gamit.

_____3. Hindi sinauli ni James ang mga gamit na hiniram niya sa kaniyang mga kaklase.

_____4. "Maraming salamat," sagot ni Gino pagkatapos siyang pahiramin ni Ted ng lapis.

_____5. "Akin na lahat ng gamit mo at ako na ang gagamit niyan!"

## *Tuklasin*

Basahin at unawaing mabuti ang diyalogo na nasa ibaba. Handa ka na ba?

Isang umaga maagang pumasok ang magkaibigang Mira at Len sa paaralan. Susulat kasi sila ng isang liham para sa kanilang kaibigan. Napansin ni Mira na hindi niya nadala ang kanyang mga pangkulay para sana gamiting pandisenyo sa isinulat na liham.

Mira: Len, maaari ko bang hiramin ang iyong pangkulay? Naiwan ko kasi ito sa bahay.

Len: Huwag kang mag-alala Mira mayroon akong dala dito, ipapahiram ko sa iyo.

Mira: Naku, maraming salamat Len sa pagpapahiram mo.

Len : Walang anuman, Mira.

Pagkatapos gumawa ni Mira at Len ng lihan.

Mira : Len, isasauli ko na ang mga pangkulay mo, maraming salamat sa pagpapahiram mo nito sa akin.

Len: Walang anuman, Mira

Isulat sa sagutang papel ang letra ng tamang sagot sa mga tanong.

1. Ano ang naiwan ni Mira sa kanilang bahay?
   a. lapis b. papel c. pangkulay

2. Sino-sino ang nag-uusap sa kuwento?
   a. Len at Mira b. Lisa at Mira b. Lenny at Mira

3. Saan naganap ang usapan?
   a. sa parke b. sa ospital c. sa paaralan

4. Kung ikaw ay manghihiram ng gamit sa iyong kaklase ano ang sasabihin mo sa kanya?
   a.“Akin na ang gamit mo!”
   b.“Maaari ko bang hiramin ang lapis mo?”
   c.“Ipagpaumanhin mo ang nagawa kong kasalanan.”

5. Ano ang naging tugon ni Mira ng pinahiram siya ng pangkulay ni Len?
   a.“Ayaw ko sa pangkulay na ipinahiram mo.”
   b.“Hindi ko na ibabalik ang pangkulay na ito sa iyo.”
   c. “Maraming salamat Len sa ipinahiram mo ng pangkulay.”

# Suriin

Basahin ang mga halimbawa ng mga magagalang na pananalita sa panghihiram ng mga gamit.

Sa panghihiram ng mga gamit

- "Maaari ko bang hiramin ang iyong gamit?"
- "Puwede ko po bang hiramin saglit ang iyong gamit?"

Pagkatapos hiramin ang gamit

- "Maraming salamat sa pagpapahiram ng iyong gamit."
- "Walang anuman."

# Pagyamanin

Pag-aralan ang mga larawan na nasa ibaba. Tukuyin kung anong larawan ang mararamdaman mo sa sumusunod na sitwasyon. Isulat ang letra nito sa iyong sagutang papel.



A

(Masayang mukha)



B

(Malungkot na mukha)

| Sitwasyon | Damdamin |
|---|---|
| 1. Nagpaalam muna ang kaibigan mo sa iyo bago niya hiniram ang iyong gamit. | |
| 2. Nakalimutang magpasalamat sa iyo ng iyong kaibigan pagkatapos niyang isinauli ang iyong gamit. | |
| 3. Sinira ng kaklase mo ang gamit na hiniram niya sa iyo at hindi ito humingi ng paumanhin. | |
| 4. Hindi nagpapahiram ng gamit ang aking kaibigan. | |
| 5. Nagpasalamat si Nena pagkatapos niyang isinauli ang hiniram na gamit. | |

## Isaisip

Ang pagasasabi ng magagalang na pananalita sa paghiram ng gamit sa iyong kapwa ay nagpapakita ng pagrespeto.

Sa panghihiram ng mga gamit

- "Maaari ba akong humiram ng gamit mo?"
- "Puwede ko bang hiramin saglit ang gamit mo?"

Pagkatapos hiramin ang gamit

- "Maraming salamat sa pagpapahiram mo sa iyong gamit.

## Isagawa

Basahin ang sitwasyon na nasa ibaba. Ano-ano ang puwede mong sabihin sa kaibigan mo? Isulat ang tsek (/) sa iyong papel kung nagpapakita ng paggalang at ekis(x) kung hindi.

Sitwasyon:

Kailangan mo ng kagamitan sa pagguhit. Naiwan mo ito sa inyong bahay.

☐ 1."Puwede ko bang hiramin ang gamit mo?"
☐ 2. "Akin na ang mga gamit mo."
☐ 3. "Pagkatapos mo sa gawain, maari ko bang hiramin ang gamit mo?"
☐ 4. "Ibigay mo ngayon sa akin ang gamit mo."
☐ 5. "Maraming salamat sa pagpapahiram."

# *Tayahin*

Isulat sa sagutang papel ang letra ng wastong sagot.

1. Nakalimutang dalhin ni Rose ang kaniyang papel sa paaralan. Napansin ni Jane na nag-aalala si Rose dahil dito
   a. Binigyan niya ito ng papel.
   b. Hindi na siya tumabi kay Rose.
   c. Nagkunwaring walang napansin si Rose.

2. Ipinahiram ni Samuel ang kaniyang saranggola sa kaibigan niyang si Will. Isinauli ito ni Will pagkatapos niya itong gamitin.
   a. Nagpasalamat nang lubos si Will.
   b. Ayaw nang mag-usap ng magkaibigan.
   c. Hindi na ulit ipinahiram ni Samuel ang saranggola


3. Tuwang-tuwa si Pamela nang ipinahiram sa kaniya ni Wendy ang kaniyang manika. Ilang araw ang nagdaan at nakalimutang isauli ito ni Pamela.
   a. Nag-away ang magkaibigan.
   b. Humingi ng paumanhin si Pamela kay Wendy.
   c. Nagkunwaring hindi napansin ni Pamela si Wendy.

4. Hindi sinasadya ni James na masira ang robot ng kaniyang kapatid. Kinagabihan, hinanap na ito ng kaniyang kapatid.
   a. Humingi ng paumanhin si James.
   b. Sinigawan niya ang kaniyang kapatid.
   c. Umalis na lamang sa kanilang bahay si James.

## Karagdagang Gawain

Sa gawaing ito, isulat mo sa sagutang papel ang maaaring maging tugon sa mga magagalang na pananalita na ibinigay sa usapan.

Gusto mong humiram ng lapis sa iyong kaklase.





# Susi sa Pagwawasto

ARALIN 2

Subukin 1. 4. 5.
Balikan 3 at 4
Tuklasin 1 at 4
Pagyamanin- 1. a 2. a 3. c 4. a 5. b
Isaisip- po at opo
Isagawa- 1. b 2. e 3. d 4. a 5. c
Tayahin- 1. Maraming Salamat po ninang
2. Magandang hapon po lola
3. Magandang tanghali po ma'am
4. Ipagpaumanhin po ninyo

**Karagdagang Gawain-**Maraming Salamat po nanay.

ARALIN 3

**Subukin-n**agpapahalaga, nagpapaalam, nagpapasalamat, nagpapahiram

**Balikan**

1. 2. 3. 4. 5.

**Tuklasin**1. c 2. a 3.c 4. c 5. c
**Pagyamanin-** 1. A 2. B 3. B 4. B 5. A
**Isagawa-**1. / 2. X 3. / 4.x 5. /
**Tayahin** 1. A 2. A 3. B 4. A
**Karagdagang Gawain-** 1. Maaari ko bang hiramin ang iyong lapis?
2. Maraming Salamat sa pagpapahiram mo ng libro.

ARALIN 1

**Subukin** 1. a 2. b 3. c 4. b

**Balikan** 1. Kami 2. Kayo 3. Kayo, tayo 4. Kayo 5. sila

**Tuklasin** 1. b 2. b 3.c 4. b 5. c

**Pagyamanin**

1. Magandang umaga rin sa iyo, ayos lang ako.
2. Maraming Salamat
3. Opo inay
4. Opo inay,Salamat po
5. Ipagpaumanhin po ninyo.

**Isagawa**

1.  2  3.  4.  5. 

**Tayahin 1. b 2. a 3. c 4. e 5. d**

**Karagdagang Gawain**

1.Ipagpaumanhin po
2. Maraming slamat po
3. Magandang hapon po

# *Sanggunian*

Cardinoza, Florenda, Jenny-Lyn Trapane, Amaflor Alde, Agnes G. Rolle, Josenette Brana, Ronald Ramilo, Louiegrace Margallo, Mercilita Salazar, Aireen Ambat, Lea Agustin, Natasha Rae Natividad, Cynthia Reyroso, Dolorosa Castro, Modesta Jaurigue, *Batang Pinoy Ako Patnubay ng Guro 3.* Pasig: REX Bookstore, 2015, 14-16.

Alde, Amaflor, Lea Agustin, Aireen Ambat, Josenette Brana, Florenda Cardinoza, Dolorosa Castro, Modesta Jaurigue, Louiegrace Margallo, Natasha Rae Natividad, Ronald Ramilo, Cynthia Reyroso, Agnes G. Rolle, Mercelita Salazar, Jenny-Lyn Trapane, *Batang Pinoy Ako 3, Kagamitan ng Mag-aaral,* Pasig: Studio Graphics Corp.,2017,26.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph